

COVID-19 Public Update – ika-30 Marso 2020

Mga Pangunahing Puntos

Natanggap na ng KEMH ang 28 na resulta ng pagsusuri mula sa UK at lahat ng ito ay lumabas na negatibo sa COVID-19.

Sinabi ng Chief Medical Officer na si Dr Rebecca Edwards na nagpapahiwatig ito na sa ngayon ay wala pang kumpirmadong kaso ng COVID-19 sa Falkland Islands.

“Ito ay mabuting balita, bagaman ang resulta ng pagsusuri ay hindi 100% accurate. Kaya naman nagpapatuloy pa rin ang aming pagtugon upang maipalagay na maaaring may COVID-19 na dito sa isla. Ito ay ang pinakamaingat na paraan habang inaantay ang iba pang resulta ng pagsusuri.”

“May napakagandang pagtugon mula sa mga tao patungkol sa pangangailangan nilang maghiwalay sa sarili kung may suspetsa sila na may sintomas o makonsiderang vulnerable. Nagsasanay na rin ang mga tao sa social distancing, sa pagpapanitili ng dalawang metrong pagitan. Kinakailangang sundin ng publiko ang mga nasabing abiso – malaki ang maitutulong nito sa ating komunidad.”

Inaasahang matatanggap ang mga karagdagang resulta ng pagsusuri sa mga susunod na mga araw, at inaasahang makakapagbigay ng karagdagang update sa Miyerkules.

Patuloy na binabantayan ang bata na nasa King Edward Memorial Hospital at ito ay nasa kritikal ngunit maayos na kalagayan.

Sa update patungkol sa mga hakbang na inanunsyo noong ika-26 ng Marso para sa mga self-employed workers at private sector workers, inaprubahan na ng ExCo ang dalawang karagdagang angkop na pamantayan:

- Kapag ang private sector employees na walang sintomas ay a) inabisuhan ng KEMH na maghiwalay sa sarili dahil sa ang isang miyembro ng tahanan ay nagpakita ng sintomas ng lagnat at ang taong ito ay inabisuhan ng KEMH na maghiwalay sa sarili; o b) naabisuhan ng gobyerno na manatili sa bahay dahil sa ito ay kasama sa non-essential worker; at sa kaparehong pagkakataon ay hindi makapagtrabaho mula sa bahay, patuloy pa rin silang mapapasweldo ng kanilang employer (hindi alintana kung sila ay karapat-dapat para sa leave o sick pay) para sa isang period ng hanggang labingapat (14) na araw.
- Kapag ang self-employed na mga tao na walang sintomas ay a) inabisuhan ng KEMH na maghiwalay sa sarili dahil sa ang isang miyembro ng tahanan ay nagpakita ng sintomas ng lagnat at ang taong ito ay inabisuhan ng KEMH na maghiwalay sa sarili; o b) naabisuhan ng gobyerno na manatili sa bahay dahil sa

ito ay kasama sa non-essential worker; at sa kaparehong pagkakataon ay hindi makapagtrabaho mula sa bahay, maari silang mag-claim ng isang kabuuan ng hanggang sa ₱1,250, para sa isang period ng hanggang labingapat (14) na calendar days.

Sa Huwebes kami ay lalapit sa mga employers at mga self-employed kung paano magpapasa sa FIG.

Simula ngayon, Lunes ika-30 ng Marso, ang Kagawaran ng Edukasyon ay magbibigay ng childcare para sa mga anak ng mahahalagang manggagawa o essential key workers para sila ay makapagtrabaho. Ang mga magulang sa nabibilang sa kategoryang ito ay nakausap na ng direktka. May mga home learning packs na ide-deliver ngayong araw para sa mga taong hindi nakakuha nito.